

## ANG DOKUMENTO

Ang bawat isa na nagnanais o tumatanggap ng pangangalaga mula sa sistemang pangkalusugan ng Australia ay may ilang tiyak na mga karapatang nauukol sa uri ng pangangalagang iyon, ang mga ito ay ipinaliwanag sa Dokumento ng mga Karapatang nauukol sa Pangangalagang Pangkalusugan sa Australia (Australian Charter of Healthcare Rights). Ang mga karapatang kabilang sa dokumento ay may kaugnayan sa karapatang makakuha, kaligtasan, paggalang, komunikasyon, pakikilahok, pagiging pribado at puna.

Ang Dokumento ng mga Karapatang nauukol sa Pangangalagang Pangkalusugan sa Australia ay maaaring makuha ng bawat isa na nasa sistema ng pangangalagang pangkalusugan. Ito ay nagpapahintulot sa mga pasyente, konsyumer, tagapag-alaga at mga tagapagbigay-serbisyo na magbahaginan ng pang-unawa sa mga karapatan ng mga taong tumatanggap ng pangangalagang pangkalusugan.

Ang lahat ng mga pasyente, konsyumer, tagapagbigay-serbisyo ng pangangalagang pangkalusugan at mga organisasyon ng serbisyong pangkalusugan ay may mahalagang bahaging ginagampanan sa pagtatamo ng mga karapatang nauukol sa pangangalagang pangkalusugan at pagbibigay ng kontribusyon para sa isang ligtas at may kalidad na sistema ng pangangalagang pangkalusugan.

Mahalaga ang tunay na ugnayan sa pagitan ng mga pasyente, konsyumer at mga tagapagbigay-serbisyo ng pangangalagang pangkalusugan upang matamo ng bawat isa ang pinakamahusay na posibleng mga resulta.

Batid ng mga tagapagbigay-serbisyo ng pangangalagang pangkalusugan na sa ilang mga kalagayan, ang iyong kakayahang makitungo sa sistema ng pangangalagang pangkalusugan ay maaaring maging limitado. Kung maaari bibigyan nila ng babala ang pamilya o mga serbisyong pansuporta tungkol sa iyong mga kalagayan kung isinasalang-alang nila na kailangan mo ng tulong.

## PAGGAMIT NG DOKUMENTO

Tinatalakay ng polyetong ito ang bawat isa sa pitong mga karapatan sa Dokumento at nagbibigay ng ilang gabay sa mga pasyente, konsyumer at mga pamilya kung paano sila makapagbibigay ng kontribusyon sa pagtitiyak na itinataguyod ang mga karapatan.

Ikaw ay may karapatang magbukas ng mga isyung nauukol sa iyong mga karapatan sa pangangalagang pangkalusugan. Ikaw ay hinihimok na basahin ang Dokumento, o ipaliwanag ito sa iyo, at talakayin ang Dokumento kasama ang iyong tagapagbigay-serbisyo ng pangangalagang pangkalusugan o pamilya o tagapag-alaga.

Ang mga tauhan ng pangangalagang pangkalusugan ay dapat magbigay sa iyo ng payo kung paano makakakuha ng karagdagang impormasyon tungkol sa iyong mga karapatan.

## MGA KONTAK

Pinakamahusay na palaging subukang malutas ang iyong reklamo sa iyong lokal na tagapagbigay ng serbisyong pangkalusugan. Kung nasubukan mo na ito at hindi pa rin nasiyahan, maaari kang magreklamo sa Health Care Complaints Commissioner sa iyong estado o teritoryo. Ang ilang magagamit na impormasyon ay nakalista sa ibaba:

**ACT** Human Rights Commission, Health Services Commissioner  
[www.hrc.act.gov.au](http://www.hrc.act.gov.au)

**NSW** Health Care Complaints Commission  
[www.hccc.nsw.gov.au](http://www.hccc.nsw.gov.au)

**NT** Health and Community Services Complaints Commission  
[www.hcsc.nt.gov.au](http://www.hcsc.nt.gov.au)

**QLD** Health Quality and Complaints Commission  
[www.hqcc.qld.gov.au](http://www.hqcc.qld.gov.au)

**SA** Health and Community Services Complaints Commissioner  
[www.hcsc.sa.gov.au](http://www.hcsc.sa.gov.au)

**TAS** Health Complaints Commissioner  
[www.healthcomplaints.tas.gov.au](http://www.healthcomplaints.tas.gov.au)

**VIC** Office of the Health Services Commissioner  
[www.health.vic.gov.au/hsc](http://www.health.vic.gov.au/hsc)

**WA** Office of Health Review  
[www.healthreview.wa.gov.au](http://www.healthreview.wa.gov.au)



# ANG DOKUMENTO NG MGA KARAPATANG NAUUKOL SA PANGANGALAGANG PANGKALUSUGAN SA AUSTRALIA

ISANG GABAY PARA SA MGA PASYENTE, KONSYUMER, TAGAPAG-ALAGA AT PAMILYA



PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON TUNGKOL SA DOKUMENTO AT KUNG PAANO KA MAKAKAGPAGBIGAY NG KONTRIBUSYON SA PAGTAMO NG MGA KARAPATANG NAUUKOL SA PANGANGALAGANG PANGKALUSUGAN BISITAHIN ANG WEBSITE NA: [WWW.SAFETYANDQUALITY.GOV.AU](http://WWW.SAFETYANDQUALITY.GOV.AU)

## KARAPATANG MAKAKUHA

*Isang karapatan para sa pangangalagang pangkalusugan.*

Ikaw ay may batayang karapatan para sa nararapat at napapanahong pangangalagang pangkalusugan. Kung minsan ito ay hindi maaaring sa pasilidad ng pangangalagang pangkalusugan na una mong pinuntahan sa dahilang hindi lahat ng mga serbisyo ay kinakailangang maaaring makuha sa lahat ng lugar.

Ikaw ay maaaring magbigay ng kontribusyon sa karapatang makakuha sa pamamagitan ng pagsisikap na makadalo sa iyong mga appointment at pagsasabi sa pasilidad kung ikaw ay hindi maaaring makadalo.

## KALIGTASAN



*Isang karapatan para sa ligtas at mataas na kalidad na pangangalaga.*

Kung ikaw ay hindi nakatitiyak tungkol sa kung ano ang nangyayari sa iyo o kung sa iyong palagay ay may isang bagay na nakalimutan sa pangangalaga para sa iyo, bigyang babala ang iyong tagapagbigay-serbisyo ng pangangalagang pangkalusugan. Ipaalam sa iyong tagapagbigay-serbisyo ang anumang mga kalagayan na maaaring magdulot ng higit na panganib sa iyong pangangalagang pangkalusugan.

## PAGGALANG

*Isang karapatan na ituring nang may paggalang, dignidad at konsiderasyon.*

Ikaw ay may karapatang tumanggap ng pangangalaga sa isang paraang nagbibigay galang sa iyong kultura, mga paniniwala, prinsipyo at mga katangian katulad ng edad at kasarian. Mahalaga na ipagbigay-alam mo sa iyong tagapagbigay-serbisyo ng pangangalagang pangkalusugan ang anumang mga pagbabago sa iyong kalagayan.

Kabilang sa paggalang ang pagiging maalalahanin sa pangangalagang pangkalusugan ng mga kawani at ibang mga pasyente.

## KOMUNIKASYON

*Isang karapatan na mabigyan ng impormasyon sa isang malinaw at bukas na paraan tungkol sa mga serbisyo, paggamot, mga opsyon at mga gastos.*

Sasabihin sa iyo ng mga tagapagbigay-serbisyo ng pangangalagang pangkalusugan ang tungkol sa pangangalagang tinatanggap mo at tutulong sa iyo na maintindihan kung ano ang nangyayari sa iyo.

Maaari kang magbigay ng kontribusyon sa komunikasyon sa pamamagitan ng pagiging bukas at tapat. Upang maintindihan ang mga tagubilin ibinigay sa iyo, maaari kang magtanong kung nais mo ng karagdagang impormasyon.

Maaari kang gumamit ng interpreter kung hindi Ingles ay iyong tubong wika. Ang mga serbisyong pang-interpreter ay libre at maaaring makuha nang personal o sa pamamagitan ng telepono.

## PAKIKILAHOK

*Isang karapatang makabilang sa mga desisyon at mga pagpipilian ukol sa pangangalaga.*

Ikaw ay hinihimok na makilahok sa mga pagdedesisyon tungkol sa pangangalaga sa iyo. Magtanong kung hindi ka sigurado tungkol sa kung ano ang nangyayari sa iyo. Ipaloob ang iyong pamilya o tagapag-alaga kung magiging mas komportable at sigurado ka dito.



## PAGIGING PRIBADO

*Isang karapatan sa pagiging pribado at kompidensyal ng ibinigay na impormasyon.*

Maaari mong makita ang iyong mga rekord at humiling na maiwasto ang impormasyon kung ito ay hindi tama. Sa ilang mga sitwasyon ang iyong impormasyong pangkalusugan ay kailangang ibahagi sa pagitan ng mga tagapagbigay-serbisyo ng pangangalagang pangkalusugan.

Maaari ka ring magbigay ng kontribusyon sa pamamagitan ng paggalang sa pagiging pribado at kompidensyal ng iba.

## PUNA

*Isang karapatang magbigay ng puna ukol sa pangangalaga at matugunan ang mga alalahanin.*

Nais ng mga tagapagbigay-serbisyo ng pangangalagang pangkalusugan na malutas kaagad ang mga problema, ngunit kailangang ipaalam muna sa kanila ang tungkol sa problema. Kung ikaw ay may mga suhestiyon kung paano mapagbuuti ang mga serbisyo mangyari lamang na ipaalam ito sa mga kawani.

Kailangan mong malaman ang mga pamamaraang ginagamit ng organisasyon ng serbisyong pangkalusugan upang magbigay ng puna tungkol sa pangangalaga sa iyo. Maaari kang magbigay ng binigkas o nakasulat na mga puna tungkol sa mga pamamaraan at iyong mga karanasan.

Upang purihin ang mga manggagawang pangkalusugan, upang magreklamo tungkol sa iyong pangangalagang pangkalusugan at/o upang maabisuhan ukol sa pamamaraan ng pagpapahayag ng pangamba tungkol sa pangangalaga sa iyo mangyari lamang na kontakin ang kinatawang tagapamagitan para sa pasyente ng iyong tagapagbigay ng serbisyong pangkalusugan.